Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Bulakan

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**HANGO SA KATITIKAN NG IKA-3 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA-18 NG HULYO, 2022 SA BULWAGANG HEN. GREGORIO DEL PILAR, PAMAHALAANG BAYAN, BULAKAN, BULACAN.**

**MGA DUMALO:**

Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez - - - - - - - - - - - Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**MGA KAGAWAD**

Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio
Igg. Jose Antonio V. Lava
Igg. Aron Ronald R. Cruz
Igg. Marbin J. Garcia
Igg. Christopher Aron C. Del Rosario
Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.
Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan
Igg. Rchie E. San Jose
Igg. Miguel Leonardo (SK)

**HINDI NAKADALO:**

Igg. Roberto R. Morelos - - - - - - - - - - - - - (ABC)

## KAPASIYAHANG BAYAN BLG. 05 - 2022

**KAPASIYAHANG NAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULAKAN SA PAMUMUNO NI IGG. PUNONG BAYAN VERGEL C. MENESES AT NG BUMUBUO NG SANGGUNIANG BAYAN SA PANGUNGUNA NI IGG. PANGALAWANG PUNONG BAYAN REINA RICA C. SANCHEZ SA PAMILYA NI GNG. NICANORA TERESA "RHEEZA" SANTIAGO HERNANDEZ, TAGAPAGTAGUYOD NG KALUTONG BULAKENYO AT MANLILIKHANG-BAYANI NG SINING NG PUNI.**

May akda : Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.

**SAPAGKAT,** si Gng. Nicanora Teresa "Rheeza" Santiago Hernandez na nagkamulat, lumaki at nahubog ang pagkahilig sa Sining at Kultura sa Brgy. Pitpitan, Bulakan, Bulacan ay sumakabilang buhay noong ika-5 ng Hulyo, 2022;

**SAPAGKAT,** ang kanyang pagyao ay isang malaking kawalan hindi lamang sa kanyang pamilya at mga kaibigan kundi lalo't higit sa buong Bayan ng Bulakan at ng Lalawigan ng Bulacan;

**SAPAGKAT,** kaniyang itinaguyod at ipinagpatuloy ng walang halong pag-iimbot ang pagbabahagi ng kaalaman sa pamanang kaluto ng bayan gaya ng gurgurya, pinaso, hamon Bulakenya, pochero ni Gat Marcelo H. del Pilar, arroz ala Cubana ni Hen. Gregorio del Pilar, at iba pa;

**SAPAGKAT,** kaniyang itinaguyod at iniluklok sa pedestal ng kadakilaan ang minsang naglahong sining ng pagtutupi ng dahon na kilala sa tawag na Puni;

**SAPAGKAT,** ang kaniyang natatanging karanasan sa *Smithsonian Museum's Folk Life Festival* sa Washington D.C., USA noong 1998, ang nagtulak sa kanya upang higit na maibahagi at maipamansag ang sinaunang sining ng puni at kaluto ng bayan;

**SAPAGKAT,** kaniyang kinatawan ang ating bansa sa *ASEAN-ROK Workshop and Exhibition of Traditional Arts* sa Yangon, Myanmar noong 2006 upang ibahagi ang kaalaman sa paglikha ng sining ng Puni;

**SAPAGKAT,** naging pangunahing tagapagsalita sa pandaigdigang kumperensiya ng *ASEAN Caravan* na may temang *The ASEAN Small and Medium-Sized Enterprises* na ginanap sa ating bansa noong 2018;

**SAPAGKAT,** kinilala at naging pangunahing tagapagsalita sa *The Pamang Kaluto Campaign* na bahagi ng pagdiriwang ng Embahada ng Pilipinas na El Mes Filipino bilang paggunita sa *123rd Anniversary of the Declaration of Philippine Independence* sa Madrid, Spain noong 2021;

**SAPAGKAT,** itinaguyod at pinangunahan ang adbokasiya sa pagpapanatili ng pamanang bayan bilang kasapi at opisyal ng *Bulacan Heritage Conservation Society, Advocates for Heritage Preservation* at *Bulacan Culture and Arts Council*;

**SAPAGKAT,** bilang mga opisyal ng Pamahalaang Bayan ng Bulakan ay marapat lamang nating ipahayag ang ating taimtim na pakikiramay at taas-noong pagkilala sa isang natatanging Bulakeña na alagad ng sining at tagapagtaguyod ng pamanang bayan ng dakilang Bayan ng Bulakan at ng Lalawigan ng Bulacan;

**SA MUNGKAHI NI** Igg. Aron Ronald R. Cruz na Pinangalawahan at pinagtibay ng mga kasangguning dumalo;

**PINAGTIBAY.**

**IPINASYA, Tulad Ng Dito'y Ginagawang Pagpapasya Na Ang Kapasyahang Nagpapaabot Ng Taos Pusong Pakikiramay At Pakikidalamhati Ng Pamahalaang Bayan Ng Bulakan Sa Pamumuno Ni Igg. Punong Bayan Vergel C. Meneses At Ng Bumubuo Ng Sangguniang Bayan Sa Pangunguna Ni Igg. Pangalawang Punong Bayan Reina Rica C. Sanchez Sa Pamilya Ni Gng. Nicanora Teresa "Rheeza" Santiago Hernandez, Mamamayan Ng Brgy. Pitpitan Na Sumakabilang Buhay Noong Ika-5 Ng Hulyo, 2022.**

**PINAGTIBAY.**

Pinatutunayan ko na ang natititik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan.

**JEFF C. TANSINSIN**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**PAGPAPATUNAY:**

**Atty. REINA RICA C. SANCHEZ**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTIBAY:**

**AUBRHIE CINDYRELLE D. CARPIO**
Kagawad

**JOSE ANTONIO V. LAVA**
Kagawad

**ARON RONALD R. CRUZ**
Kagawad

**MARBIN J. GARCIA**
Kagawad

**CHRISTOPHER ARON C. DEL ROSARIO**
Kagawad

**BIENVENIDO M. CRUZ JR.**
Kagawad

**Atty. ANA MARIE V. PAGSIBIGAN**
Kagawad

**RCHIE E. SAN JOSE**
Kagawad

**ROBERTO R. MORELOS**
Kagawad (Ex-Officio-ABC)

**MIGUEL LEONARDO**
Kagawad (Ex-Officio-SK)

**PINAGTIBAY** at **NILAGDAAN:**

**VERGEL C. MENESES**
Punong Bayan
08-22-22